Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagkilala sa Pangatnig

Kakayahan: Natutukoy ang pangatnig sa pangungusap

Ikahon ang pangatnig sa bawat pangungusap.

1. Magaling umawit si Joey at mahusay magtugtog ng gitara si Dean.
2. Tawagan mo ako sa opisina kung may dumating na sulat mula kay Ernesto.
3. Si Tita Mia o si Ate Lisa ang sasama sa aming klase sa lakbay-aral.
4. Wala akong tiwala kay Raul dahil madalas siyang magsinungaling sa akin.
5. Uminom na ako ng gamot kaninang umaga ngunit masakit pa rin ang ulo ko hanggang ngayon.
6. Dadalhin ko ang itim na maleta at ang pulang bag sa eroplano.
7. Nakaluto na ako ng pinakbet dati pero nakalimutan ko na ang ibang sangkap.
8. Salamat sa regalo mo subalit sa Disyembre pa ang kaarawan ko.
9. Manonood ka ba ng balita sa telebisyon o pakikinggan mo na lang ang balita sa radyo?
10. Magbaon ka ng payong dahil baka umulan mamayang hapon.
11. Napakalakas ng tunog ng kidlat kaya napasigaw ang magkakapatid.
12. Ipapakita ko kina Tatay at Nanay ang marka ko sa pagsusulit para makita nila na nagsisikap ako sa pag-aaral.
13. Naghuhugas ng mga bote at tsupon si Martha habang natutulog nang mahimbing ang kanyang sanggol.
14. Inihain ng mga sundalong Pilipino ang kanilang buhay upang ipagtanggol ang Pilipinas sa mga bagong mananakop.
15. Si Janice ang nahirang na maging kalahok sa paligsahan sapagka't siya ang pinakamagaling na manunulat sa ating klase.

© 2014 Pia Noche